# Set Apart

## Kabanalang Isinasabuhay

WEEK 5

### WARM-UP

- Naranasan mo na bang manalo o matalo sa isang kompetisyon kung saan sobrang liit lang ng naging agwat sa pagitan mo at ng nakalaban mo? Ano ang nangyari? Ano ang naramdaman mo?
- Magbahagi tungkol sa isang bagay na natutunan mong gawin pagkatapos ng mahabang panahon ng pag-eensayo. Ano ang naidulot nito sa iyo?
- Nasubukan mo na bang pilitin ang sarili mo na huwag gawin ang isang bagay na hindi mo dapat gawin, pero hindi ka nagtagumpay? Ano ang mga ginawa mo para subukan itong gawin? Ano ang nangyari pagkatapos mong mabigo?

### WORD

*[21]Noong una ay malayo kayo sa Diyos, at naging kaaway niya dahil sa kasamaan ng inyong pag-iisip at mga gawa. [22]Pero ngayon, ibinalik na niya kayo sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kamatayan ng katawang-tao ni Cristo. Kaya maihaharap na kayo sa kanya na banal, malinis at walang kapintasan. [23]Pero kailangan ninyong manatiling tapat at matatag sa pananampalataya, at huwag hayaang mawala ang pag-asang dulot ng Magandang Balita na narinig ninyo. Ang Magandang Balita na ito ay ipinahayag na sa buong mundo, at akong si Pablo ay naging lingkod nito.* **COLOSAS 1:21–23**

Sa kanyang sulat para sa mga taga-Colosas, inilarawan ni Pablo ang malinaw na kaibahan ng buhay natin bago tayo naniwala kay Cristo, at ngayong tayo ay nasa Kanya na. Noong hindi pa natin tinatanggap si Cristo, tayo ay *malayo* sa Diyos, *naging kaaway Niya dahil sa kasamaan* ng ating pag-iisip at mga gawa. Wala tayong magagawa para baguhin ito. Kay Cristo, maaari na tayong maging *banal, malinis at walang kapintasan*. Pero hinihiling ng buhay na nakay Cristo na tayo ay *manatiling tapat at matatag sa pananampalataya*. Ngayong araw, tingnan natin ang dalawang katotohanan na kung mauunawaan at pag-iisipan natin ay makakapagbigay sa atin ng kakayahang maipamuhay ang buhay na nagpapahayag ng kabanalan ng Diyos.

## 1 Kay Jesu-Cristo, tayo ay naibalik sa Diyos at ginawang banal.

*[21]Noong una ay malayo kayo sa Diyos, at naging kaaway niya dahil sa kasamaan ng inyong pag-iisip at mga gawa. [22]Pero ngayon, ibinalik na niya kayo sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kamatayan ng katawang-tao ni Cristo. . . .*
**COLOSAS 1:21–22**

Totoo ngang nahiwalay tayo sa Diyos at naging mga kaaway Niya dahil sa kasalanan. Pero gumawa si Jesus ng daan para maibalik tayo sa Diyos sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang sarili upang mamatay para sa ating mga kasalanan. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya at sa ginawa Niya, hindi lamang tayo naibabalik sa tamang ugnayan sa Diyos, kundi tayo rin ay ginawang banal, na ang ibig sabihin ay ibinukod tayo para sa Diyos. Ito ang katayuan natin sa Diyos. Paano mo nakita ang epekto ng katotohanang ito sa buhay mo?

## 2 Ang pananampalataya kay Jesus ay nagbibigay sa atin ng kakayahang magpatuloy sa pamumuhay nang may kabanalan.

*[22]Pero ngayon, ibinalik na niya kayo sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kamatayan ng katawang-tao ni Cristo. Kaya maihaharap na kayo sa kanya na banal, malinis at walang kapintasan. [23]Pero kailangan ninyong manatiling tapat at matatag sa pananampalataya, at huwag hayaang mawala ang pag-asang dulot ng Magandang Balita na narinig ninyo. Ang Magandang Balita na ito ay ipinahayag na sa buong mundo, at akong si Pablo ay naging lingkod nito.* **COLOSAS 1:22–23**

Bagama't ang mga nananampalataya kay Jesus ay ginawang banal, ibinukod para sa Diyos, marami pa ring mga aspeto at bagay sa buhay natin na hindi natutulad kay Cristo at kailangang maibukod para sa Diyos. Nahihirapan pa rin tayong labanan ang kasalanan. Marami pa rin tayong mga kapintasan at kahinaan sa ating mga iniisip, salita, at kilos. Ang magandang balita ay habang patuloy tayong nananampalataya kay Cristo, patuloy na kumikilos sa atin ang Diyos para gawin tayong tulad ni Cristo upang isang araw ay makaharap tayo sa Kanya bilang banal at walang kapintasan. Hindi lamang magiging banal ang katayuan natin sa Diyos kundi maisasalamin din ng buhay natin ang Kanyang kabanalan. Ano para sa iyo ang ibig sabihin ng *manatiling tapat at matatag sa pananampalataya*?

## APPLICATION

- Naituwid na ba ang ugnayan mo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo? Gusto mo bang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya?
- Sa palagay mo, gaano kahirap sundin ang Diyos at mamuhay nang banal? Gaano kadalas mong nakikita ang iyong sarili na sinusubukang sumunod o magpakabanal ayon sa sarili mong kakayahan? Paano makakatulong sa iyo ang napag-aralan natin ngayong araw?
- Nagbigay daan ang ginawa ni Cristo para maging banal ang mga mananampalataya sa Kanya at makapamuhay nang may kabanalan sa pamamagitan Niya. Kanino mo maibabahagi ang katotohanang ito? Ibahagi ang patotoo mo at ang ebanghelyo sa taong ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil ginawa Niya tayong banal sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesu-Cristo. Pasalamatan Siya sa pagbibigay ng daan para mapalapit ulit tayo sa Kanya.
- Ipanalangin na baguhin ka ni Cristo habang sumusunod ka sa Kanya at namumuhay nang may kabanalan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Hingin sa Kanya na mas maunawaan mo kung sino Siya at ang pagmamahal Niya sa mundo.
- Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon para maibahagi mo si Jesus sa iyong mga kapamilya at kaibigan. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng mga salitang magagamit mo para maipangaral ang ebanghelyo at maibahagi ang ginagawa ni Jesus upang maging banal ang mga nananampalataya sa Kanya.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahin-tulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chique Esguerra, Ruth Gloria, Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.